**NEW JERSEY ECONOMIC DEVELOPMENT AUTHORITY**
**(AWTORIDAD SA PAGPAPAUNLAD NG EKONOMIYA**
**NG NEW JERSEY)**
**Abiso sa Pagkakaroon ng Pagpopondo**
**Aplikasyon para sa Programa ng Pagpapatupad, Pagpapanumbalik, at Transpormasyon**

Sisimulan ng New Jersey Economic Development Authority ("NJEDA" [Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng New Jersey] o "Authority") ang pagtanggap ng mga aplikasyon para sa Programa ng Pagpapatupad, Pagpapanumbalik, at Transpormasyon sa Martes, Mayo 30, 2023, sa ganap na 10:00AM EST. Tatanggapin ang mga aplikasyon sa itinakdang panahon at magsasara sa Martes, Agosto 22, 2023 sa ganap na 5PM EST. Kailangang magbayad ng hindi maire-refund na singil na $1,000 sa panahon ng aplikasyon para sa bawat produkto Ang mga entidad na not-for-profit ay maaaring mag-apply para sa mga waiver sa singil dahil sa mga labis na kahirapan. Ang waiver para sa labis na kahirapan (undue hardship fee) ay maaaring maipakita sa pamamagitan ng pinakakasalukuyang 990 form kung ang Revenue Less Expences (Kita na Binawasan ng mga Gastos, linya 19) ay mas mababa o katumbas ng $500,000 at ang mga Netong Asset/Mga Balanse ng Pondo (linya 22) ay mas mababa sa o katumbas ng $1,000,000.

Maa-access ang aplikasyon sa Programa ng Activation, Revitalization, and Transformation (ART, Pagpapatupad, Pagpapanumbalik, at Transpormasyon) - NJEDA.

**Layunin:**
Ang Programa ng Pagpapatupad, Pagpapanumbalik, at Transpormasyon (“Programang ART”) ay isang may kompetensiyang programang gawad na proaktibong maglalabas ng $10 milyon sa American Rescue Plan State and Local Fiscal Recovery Funds (SLFRF, Mga Pondo sa Pagpapanumbalik sa Pananalapi ng Pang-estado at Lokal na pamahalaan) upang matugunan ang mga epekto ng COVID-19.

Pinangangasiwaan ng NJEDA, ang Programang ART ay magbibigay ng kabuuang pinagmumulan ng pagpopondo na $10 milyon na
pagpopondo ng SLFRF mula sa dalawang magkahiwalay na pinagmumulan ng pagpopondo. Mahahati ang pagpopondo sa pagitan ng dalawang karapat-dapat na lungsod, ang Atlantic City at Newark.

**Kasaysayan:**
Gaya ng nakabalangkas sa Buod ng Badyet sa Piskal na Taon 2023 ni Gobernador Murphy, at inaprubahan ng New Jersey Joint Budget Oversight Committee (Pinagsamang Komite ng Pangangasiwa ng Badyet sa New Jersey), limang milyong dolyar ang inilaan sa Casino Reinvestment Development Authority (Awtoridad sa Pagpapaunlad na Muling Pamumuhunan sa Casino) para sa mga Proyekto sa Atlantic City. Ang natitirang limang milyong dolyar ay inilaan sa NJEDA upang suportahan ang mga proyektong magpapahupa sa epektong pang-ekonomiya ng COVID-19 sa mga lungsod na commuter hub (may pangunahing lugar ng mga taong gumagamit ng pampublikong transportasyon).

Pagkatapos ng transisyon patungo sa mga manggagawang nagtatrabaho nang remote noong Marso 2020, ang suportang pang-ekonomiya para sa mga pagpapaunlad na pampasigla na nagdaragdag at nagpapanatili ng trapiko ng naglalakad na commuter ay mahalaga upang masuportahan ang mga munisipalidad na pinakaapektado ng mga pagkawala ng manggagawa dahil sa remote na pagtatrabaho. Ang natitirang $5 milyon ay ilalaan sa iisang munisipalidad na pinakaapektado ng emerhensya sa pampublikong kalusugan na dulot ng COVID-19 sa mga pangunahing lugar na may commuter. Tiningnan sa pagsusuri ang munisipalidad na may pinakamalaking kabuuang pagkakaiba sa pagitan ng populasyon ng residente at kabuuang populasyon sa araw. Natutugunan ng Lungsod ng Newark ang pamantayang ito ayon sa mga datos na kinolekta ng U.S. Census American Community Survey (Survey ng Komunidad ng Amerikano ng Senso ng U.S.) noong 2015 - 2019 at gaya ng pagsusuri ng New Jersey Department of Community Affairs (Kagawaran ng mga Kalakarang Pangkomunidad ng New Jersey). Nakasaad sa pagsusuri na ang Newark ay may kabuuang pang-araw na populasyon na 401,712; populasyon ng residente na 281,054 na may pagtaas na pang-araw na populasyon na 120,658. Ipinapakita sa mga datos na ito ang pinakamalaking pagtaas ng populasyon sa araw sa lahat ng munisipalidad ng New Jersey.

Mithiin ng Programang ART ang makipagtulungan sa mga lokal na entidad upang proaktibong matugunan ang mga negatibong epekto sa ekonomiya ng pandemya sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga proyektong lumilikha ng kapaligirang kailangan upang makapag-anyaya at makapagpanatili ng mga residente at kahusayan, magbigay-daan upang makalikha at makapag-anyaya ng negosyo, at mapaigting ang sigla sa downtown, at matulungan ang mga lokal na pamahalaan na maiwasan ang mga krisis sa badyet sa hinaharap.

**Pagpopondo:**

Ang inaprubahang layunin ng mga pondong SLFRF ng Programang ART ay Pagpapalit ng Kita (Kategorya 6) alinsunod sa Pinal na Patakaran ng U.S. Treasury (Tesorerya ng U.S.).

Susuportahan ng pampasimulang programa ang dalawang produkto para sa parehong lungsod, ang Atlantic City at Newark: (1) Rehabilitasyon at Pagpapaunlad ng Real Estate at (2) Pagpapatupad ng Pampublikong Espasyo. Maaaring mapalitan ang pagpondo sa pagitan ng dalawang produkto batay sa pangangailangan sa bawat produkto. Ang pinakamaliit na hiniling na gawad para sa parehong proyekto ng Rehabilitasyon at Pagpapaunlad ng Real Estate at produkto ng Pagpapatakbo ng Pampublikong Espasyo ay $250,000. Ang pinakamalaking gawad para sa produktong Rehabilitasyon ng Real Estate ay $3,500,000 at pinakamalaking gawad para sa produktong Pampublikong Espasyo ay $1,500,000. Ang lahat ng aplikanteng tumatanggap ng pagpopondo ng Programang ART ay kailangang magsumite ng mga ulat kada tatlong buwan upang ipakita ang pagsunod sa NJEDA.

Alinsunod sa mga pederal na patnubay sa programa, kailangang maobliga ang lahat pondo para sa ART, at kailangang magasta hanggang Disyembre 31, 2026.

Dalawang Produkto para sa Programang ART:

**Produkto 1) - Rehabilitasyon at Pagpapaunlad ng Real Estate**

Sa ilalim ng produktong gawad na Rehabilitasyon at Pagpapaunlad ng Real Estate ng Programang ART, hanggang
pitumpung porsyento (70%) ng kabuuang pagpopondo sa programa (humigit-kumulang $3.5 M sa bawat munisipalidad)

ang susuporta sa mga gastusing partikular sa proyekto na magpapanumbalik sa mga pangkomersyong koridor at magbibigay ng insentibo sa pagpapaunlad na pampasigla

**Produkto 2) Pagpapatupad ng Pampublikong Espasyo**

Sa ilalim ng produktong gawad na Pagpapatupad ng Pampublikong Espasyo ng Programang ART, tatlumpung porsyento (30%) ng kabuuang pagpopondo sa programa (humigit-kumulang $1.5 milyon sa bawat munisipalidad, Newark at Atlantic City) ang maaaring sumuporta sa paglikha ng mga inisyatiba sa pagpapatakbo ng pampublikong espasyo.

## Pagiging Karapat-dapat

Upang maging karapat-dapat ang mga proyekto para sa pagpopondo para sa Programang ART, kailangang ipakita sa lahat ng mungkahi kung paano mapapahupa sa iminumungkahing paggasta ang epekto ng COVID-19 sa Newark o Atlantic City. Bilang bahagi ng aplikasyon, kakailanganin ng bawat proyekto na magsumite ng salaysay na hayagang nagsasaad ng pinsalang tutugunan ng iminumungkahing proyekto, at kung paano mapapaigting ng paggastang ito ang katatagan at kasiglaang pang-ekonomiya ng pangkomersyong koridor habang nagtatransisyon tayo mula sa pandemya patungo sa endemya.
Kailangang sertipikahan ng lahat ng aplikante sa panahon ng aplikasyon ang mga gastos sa kasalukuyan nilang proyekto at ang kanilang pinansyal na pangangailangan.

Kailangang matagpuan ang mga proyekto sa Atlantic City o Newark at sa loob ng mga karapat-dapat na lugar sa loob ng bawat lungsod.

- Atlantic City- Ang mga proyekto sa pangkomersyong koridor ng Atlantic City ay inilalawaran bilang proyektong matatagpuan sa mga hangganan ng Lungsod ng Atlantic City na nasa loob ng 1 ½ (1.5) milyang radius mula sa isang aktibong istasyon ng tren ng NJ Transit,
- Newark- Ang mga proyekto sa pangkomersyong koridor ng Newark ay inilalawaran bilang proyektong matatagpuan sa mga hangganan ng Lungsod ng Newark na nasa loob ng 1½ (1.5) milyang radius mula sa isang aktibong istasyon ng tren ng NJ Transit

Karapat-dapat ang mga entidad na mag-apply para sa isa o parehong programa.

Hindi karapat-dapat ang mga entidad ng munisipalidad at pamahalaan na mag-apply para sa alinman.

Kailangang sertipikahan ng lahat ng aplikante sa panahon ng aplikasyon ang mga gastos sa kasalukuyan nilang proyekto at ang kanilang pinansyal na pangangailangan.

**Produkto 1) - <u>Pagiging Karapat-dapat sa Produktong Rehabilitasyon at Pagpapaunlad ng Real Estate:</u>**

**Mga Karapat-dapat na Aplikante:**

Mga tagapagpaunlad na pribado o non-profit na maipapakita ang kakayahang kumpletuhin ang proyekto ng pagpapaunlad at muling pagpapaunlad o magkaroon ng karanasan sa proyekto na may katulad na saklaw.

Maaaring ipakita ng mga ahensyang non-profit para sa pagpapaunlad o muling pagpapaunlad ng ekonomiya ang kakayahang kumpletuhin ang proyekto ng pagpapaunlad o muling pagpapaunlad o magkaroon ng karanasan sa proyekto na may katulad na saklaw.

(Mga) may-ari ng pangkomersyong ari-arian na maipapakita ang kakayahang kumpletuhin ang proyekto ng pagpapaunlad at muling pagpapaunlad o magkaroon ng karanasan sa proyekto na may katulad na saklaw.

**Mga Karapat-dapat na Aktibidad ng Proyekto:**

Upang maging karapat-dapat para sa pagpopondo ng ART, ang lahat ng kapital na proyektong konstruksyon ay kailangang magkaroon ng kabuuang gastos na mababa sa $10M. Maaaring kabilang sa mga proyektong ito ang:

- Renobasyon o pagpapanumbalik ng mga bakanteng gusali, o talampakang kuwadrado ng bakanteng espasyo sa loob ng gusali na ang bahagi ay naookupahan.
- Bagong konstruksyon ng hindi bababa sa 10,000 talampakang kuwadrado ng isang kasalukuyang bakanteng lote.
- Mga gastos sa pagkuha.
- Maaaring kabilang sa mga karapat-dapat na proyekto ang konstruksyong may magkahalong gamit.

**Kabilang sa mga hindi karapat-dapat na aktibidad ang:**

- Paggiba ng istraktura upang gumawa ng bakanteng lote para sa pagpapaunlad sa hinaharap.
- Mga proyektong 100% residensyal na konstruksyon.

**<u>Produkto 2) Pagiging Karapat-dapat sa Produktong Pagpapatupad ng Pampublikong Espasyo:</u>**

**Mga Karapat-dapat na Aplikante:**

Mga nonprofit na organisasyong may status na 501c(3) o 501c(19) kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga Korporasyon sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya, mga Korporasyon sa Pagpapaunlad ng Komunidad, mga Nonprofit na Ahensya para sa Pagpapaunlad o Muling Pagpapaunlad ng Ekonomiya, mga Distrito ng Pagpapabuti ng Negosyo at mga Distrito ng Pagpapabuti ng Lungsod at Organisasyong Pansining.

**Mga Karapat-dapat na Aktibidad ng Proyekto:**

Inaasahang susuportahan ng pagpopondo ang paglikha ng mga inisyatiba sa pagpapatupad ng pampublikong espasyo, tulad ng:

- Mga proyektong placemaking (pagpaplano, pagdidisenyo at pamamahala ng mga pampublikong lugar), paglalagay ng pampublikong sining, paglalagay ng karatula, at mga pagpapabuti ng hitsura ng kalsada Pagpapatupad ng mga pampublikong espasyo sa pamamagitan ng mga event
- Mga gastos sa pagpapatakbo para sa mga organisasyong pansining
- Mga master/sublease para sa pamprogramang gamit (kabilang ang espasyong incubator, suporta sa maliit na negosyo, at mga event) sa mga ari-ariang may magkahalong gamit at pangkomersyo lamang

**Mga Konsiderasyon sa Proyekto:**
Ang mga may kompetensiyang proyekto para sa parehong Produkto (1) at (2) ay malinaw na tutugunan ang mga epekto ng emerhensya sa pampublikong kalusugan na dulot ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagtugon sa mga sumusunod na konsiderasyon:

• Epekto ng COVID: Kailangang matugunan ng mga aplikante ang kung paano rumeresponde ang mungkahi sa
mga negatibong epekto ng pandemyang COVID-19 sa pampublikong kalusugan at/o ekonomiya at sumusunod sa lahat ng iniaatas ng SLFRF.
• Mga Lokasyon: Kailangang matagpuan ang mga proyekto sa Atlantic City o Newark. Kailangang suportahan ng lahat ng proyekto
ang mga pangkomersyong koridor at matagpuan sa mga lugar sa kalunsuran na may malaking transit.
• Kapasidad: Kailangang magkaroon ang aplikante ng karanasan sa pagpapatupad ng proyektong may katulad na
saklaw.
• Mga pangmatagalang epekto: Kailangang ipahayag ng mga may kompetensiyang aplikante sa pamamagitan ng proseso ng aplikasyon
kung paano magkakaroon ng positibong epekto ang mungkahi sa komunidad.
Maaaring kasama rito ang ilang salik na tulad ng pag-renovate ng pasilidad upang suportahan ang maliliit na
negosyo, kabilang ang kung paano nito bibigyang-daan ang paglago ng populasyon at kita sa buwis.
• Katatagang Pinansyal: Kailangang ipakita ang pangmatagalang pinansyal na katatagan ng proyekto
at ang panahon ng pagkumpleto ng proyekto sa pamamagitan ng pagsusumite ng pro forma.
• Mga konsiderasyon na lokal na epekto: Kailangang ipakita ng proyekto kung paano nito sinusuportahan ang
mga mithiin at bisyong nakasaad (kung mayroon) sa lokal na master plan,
plano sa downtown o kapitbahayan, mga plano ng kapital na pagpapabuti at/o istratehiya sa pagpapaunlad ng
ekonomiya, kasama ang kahandaan ng imprastruktura.
• Pag-uulat sa U.S. Treasury: Kakayahang bigyan ang U.S. Department of Treasury (Kagawaran ng Pananalapi ng U.S.)
ng nauukol na pag-uulat para sa lahat ng paggasta sa proyekto na lalampas ng $1 milyon,
partikular na, kailangang magbigay ang lahat ng mungkahi ng salaysay ng kung paano

matutugunan
ng proyekto ang mga epekto ng COVID-19 sa Atlantic City o Newark, at kung bakit pinakanaaangkop ang kapital na paggastang ito upang matugunan ang mga pinsala sa ekonomiya na dulot ng
COVID.

**Pag-score**

Naghahanap ang NJEDA ng 3 aplikasyong bibigyan ng ebalwasyon. Gayon pa man, pinananatili ng Authority ang karapatang aprubahan ang isang gawad. Kailangang sundin ng lahat ng matagumpay na aplikante ang parehong iskedyul sa paglalabas ng pondo. Kailangang magsumite ang mga aplikante ng mga ulat ng pag-unlad upang makatanggap ng mga ilalabas sa gawad. Pinakamababa na, kailangang kasama sa mga ulat ng pag-unlad ang:

- Buod ng mga pondong ginasta hanggang sa kasalukuyan;
- Salaysay na nagdedetalye ng mga natamasa at pangkalahatang pag-unlad tungo sa pagkumpleto ng pinal na plano; at
- Katibayan ng pagsunod sa regulasyon ng Estado para sa Umiiral na Sahod alinsunod sa N.J.A.C. 19:30-4.2 at Apirmatibong Aksyon alinsunod sa N.J.A.C. 19:30-3.3.

Bibigyan ng score ang mga gawad sa scale na 0-100 puntos, na may mga rekomendasyon sa gawad na limitado sa mga aplikasyoong tumutugon at lumalampas sa kinakailangang pinakamababang score na 65 puntos. Susuriin ang mga aplikasyon at bibigyan ng score sa bawat isa sa mga pamantayan na matatagpuan sa Eksibit B.

Magbibigay ng mga rekomendasyon sa gawad batay sa mga aplikasyong may pinakamataas na score na matatanggap pagkatapos magsara ng panahon ng aplikasyon. Irerekomenda ang mga gawad nang may pagkakasunud-sunod hanggang sa ganap na magamit ang pondo.

Magbubuo ang mga kawani ng NJEDA ng komiteng nagsu-score para bigyan ng score ang bawat kumpletong aplikasyon para sa
bawat produkto. Magrerekomenda ang mga kawani ng mga aplikante para maaprubahan sa Lupon batay sa
pag-score na maaaring mapondohan nang buo batay sa Sertipikasyon ng Kahilingan sa Pagpopondo at pagrerepaso ng mga kawani.

Kung ang susunod na nakaranggong aplikante (na may score na mataas sa pinakamababang score) ay hindi maaaring mapondohan nang buo, aabisuhan ng mga kawani ng NJEDA ang aplikante ng makukuhang halaga na maaaring igawad. Magkakaroon ang aplikante ng 15 araw ng negosyo mula sa petsa ng abiso para tanggapin ang gawad at magbigay ng katibayan ng karagdagang pagpopondo upang matiyak na maaari pa ring makumpleto ang proyekto gamit ang letter of intent (liham ng layunin), commitment letter (liham ng pangako), bank statement (mga pahayag ng nilalaman ng nasa bangko), o anumang iba pang mga pamamaraan. Kung nagpasya ang aplikante na huwag tanggapin ang makukuhang halaga o hindi tinukoy ang karagdagang pagpopondo para kumpletuhin ang pagpopondo, hindi magiging kumpleto ang aplikasyon at ituturing na inurong ng NJEDA. Maaari ring matanggihan ang aplikasyon kung hindi natutugunan ng karagdagang pagpopondo ang iniaatas para sa produkto para sa naturang pagpopondo. Kung walang gawad na ibibigay sa aplikante, magpapatuloy ang NJEDA sa parehong proseso sa aplikasyong may sumunod na

pinakamataas na score (mataas sa pinakamababang score). Sa kabuuan ng prosesong ito, hindi pahihintulutan ang aplikanteng baguhin ang proyektong ito, dahil maaapektuhan nito ang pag-score.

Ang buong pamantayan sa pagbibigay ng score at ang mga makukuhang puntos ay maaaring makita rito: https://www.njeda.com/wp-content/uploads/2022/10/ART-Scoring-Specifications.pdf

Mga Paglalabas ng Gawad:

Ilalabas lamang ng NJEDA ang mga gawad sa aplikante. Magiging responsable ang aplikante sa pagtitiyak ng pagsunog ng sinumang mga istratehikong kasosyo at/o sub-kontratista sa lahat ng tuntunin at kondisyon ng aplikasyon.  Ipinagpapalagay ng aplikante ang natatangi at pinaka-responsibilidad para sa anumang mga pagbabayad dahil sa sinumang mga munisipal, pang-county, o istratehikong kasosyo.

Sa ilalim ng programa ng Rehabilitasyon at Pagpapaunlad ng Real Estate, tatanggap ang mga aplikante ng
inilabas na 50% ng halaga ng buong gawad sa pagkumpleto ng 50% ng proyekto gaya ng ipinapakita sa pamamagitan ng kanilang nakakontratang dokumento tulad ng kanilang mga dokumento ng AIA (American Institute of Architects o Amerikanong Instituto ng mga Arkitekto). Ang pangalawang paglabas ay
kapag makakapagbigay ang aplikante ng Certificate of Occupancy (Sertipiko ng Pag-okupa) at katibayan ng pagkumpleto.

Sa ilalim ng Programa ng Pagpapatupad ng Pampublikong Espasyo, tatanggap ang aplikante ng buong halaga
ng gawad sa oras na maipatupad ang kasunduan sa gawad, at pagkatapos at aatasang magsumite ng ulat
kada tatlong buwan hanggang sa makumpleto ang proyekto. Bibigyan ng NJEDA ang aplikante ng ulat,
at kukumpletuhin nila ang kinakailangang dokumentasyong nagsasaad ng tamang paggamit ng mga pondo.

**Proseso ng Aplikasyon:**

Ang Programang ART ay magiging isang programang gawad na may kompetensiya na tatanggap ng mga aplikasyon sa loob ng 60 araw ng negosyo. Maaaring iangkop ng mga aplikante ang parehong produkto sa parehong pagkakataon kung karapat-dapat ang kanilang proyekto.

Isasagawa ng Authority ang pagrerepaso sa mga aplikasyon pagkatapos isara ang panahon ng aplikasyon para sa pagkakumpleto nito. Bibigyan ang mga aplikante ng limang araw ng negosyo para lutasin ang mga kakulangan. Kung hindi tumutugon ang apikante, pagkatapos ng limang araw, ituturing na iniurong ang mga aplikasyon. Sa natatanging diskresyon ng Authority, maaaring humingi ng paglilinaw ang mga kawani hinggil sa impormasyon sa aplikasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga tugon, dokumentasyon, at kalakip.  Sa oras na maituring na kumpleto ang aplikasyon, rerepasuhin ito kung karapat-dapat.

**Mga Singil:**
Papatawan ng NJEDA ang mga aplikante ng mga sumusunod na singil:

- Maniningil ang NJEDA ng hindi maire-refund na singil sa aplikasyon na $1,000 sa lahat ng entidad na mag-a-apply para sa pagpopondo sa pamamagitan ng produktong Rehabilitasyon at Pagpapaunlad ng Real Estate, at $1,000 sa lahat ng entidad na mag-a-apply para sa pagpopondo para sa produktong Pagpapatupad ng Pampublikong Espasyo.
- Ang mga entidad na not-for-profit ay maaaring mag-apply para sa mga waiver sa singil dahil sa mga labis na kahirapan sa panahon ng aplikasyon. Ang waiver para sa labis na kahirapan (undue hardship fee) ay maaaring maipakita sa pamamagitan ng pinakakasalukuyang 990 form kung ang Revenue Less Expences (Kita na Binawasan ng mga Gastos, linya 19) ay mas mababa o katumbas ng $500,000 at ang mga Netong Asset/Mga Balanse ng Pondo (linya 22) ay mas mababa sa o katumbas ng $1,000,000.

**Maaaring matagpuan ang karagdagang impormasyon tungkol sa ART sa Programa ng Activation, Revitalization, and Transformation (ART, Pagpapatupad, Pagpapanumbalik, at Transpormasyon) - NJEDA.**

Ang mga tanong tungkol sa Abiso sa Pagkakaroon ng Pagpopondo ay dapat isumite sa pamamagitan ng email sa ART@njeda.gov.